

ID ng Kaso:

Ang ahensiya ng county sa itaas ay may mga tala na nagpapakita na ikaw ay responsible sa hindi nabayarang balanse na resulta mula sa sobrang pag-isyu ng mga benepisyo ng CalFresh (dating kilala bilang Food Stamps). **HINIHILING NA BALANSE SA UTANG: \$**

Ang ahensiya ng county sa itaas ay gumawa ng kinakailangan na pagsisikap sa koleksyon, kasama ang pagpapadala sa koreo ng liham ng paghiling na nagpapaalam sa iyo tungkol sa hinihiling, at ang iyong karapatan sa pantay na pagdinig sa paghiling. Kung hindi mo babayaran ang iyong utang o gumawa ng ibang aksyon bago ang 60 na araw mula sa petsa nitong abiso, ang ahensiya ng county ay magsusumite ng iyong inutang sa Departamento ng Ingat-Yaman (Ingat Yaman) ng Estados Unidos o United States Department of the Treasury (Treasury), Programang Pag-opset ng Ingat-Yaman o Treasury Offset Program (TOP) para sa koleksyon. Ang aksyong ito ay pinahintulutan ng Debt Collection Act ng 1982, ang Debt Collection Improvement Act ng 1996, Pederal na Regulasyon 7 C.F.R. 273.18(n), at Regulasyon ng Estado Seksyon 20-400. Kapag naisumite ang iyong utang sa TOP, ang Ingat-Yaman ay magbabawas o magtatanggal ng anumang karapat-dapat na kabayaran Pederal sa halaga ng iyong utang. Kasama ng karapat-dapat na kabayaran Pederal na maaaring i-opset ang:

- Mga isinauling Pederal na kita sa buwis, kasama ang anumang kinitang kredit sa buwis;
- Hanggang 15% ng iyong Sahod sa Pederal, kasama ang sahod sa militar;
- Hanggang 25% ng iyong pagretiro sa Pederal;
- Bayad sa pagretiro sa militar;
- Kontraktor/mga bayad sa mga nagbebenta; at/o
- Ibang mga Bayad sa Pederal

Dagdag dito, pinahintulutan ang Ingat Yaman na magdagdag ng multa, mga kabayaran, o ibang mga gastusin sa iyong hindi nabayarang utang.

Upang maiwasan ang TOP, kinakailangan na makipag-ugnay sa ahensiya ng county na nakalista sa itaas at gumawa ng isa sa mga sumusunod sa loob ng 60 na araw sa petsa nitong abiso:

- **MULING BAYARAN ANG IYONG UTANG:** Upang muling bayaran ang iyong utang, magpadala ng tseke o money order, babayaran ito sa sumusunod na ahensiya ng county na nakalista sa abisong ito, para sa buong halaga na iyong inutang; o
- **SUMANG-AYON NA PLANO NG MULING PAGBABAYAD:** Kung hindi ka makabayad sa iyong utang nang buo, kinakailangan mo na makipag-ugnay sa ahensiya ng county na nakalista sa abisong ito, at sumang-ayon na tanggapin ang plano ng muling pagbabayad, at gumawa ng mga bayad na kinakailangan sa plano ng muling pagbabayad; o

- HUMILING NG ADMINISTRATIBONG PAG-SIYASAT: Kung ikaw ay naniniwala na lahat, o bahagi, ng utang ay hindi nakaraang nararapat, o sapilitang legal, kinakailangan mo magpadala ng ebidensiya upang suportahan ang ahensiya ng county na nakalista sa abisong ito. Ipapalam sa iyo ang desisyon ng county tungkol sa iyong utang. Ang ilang posibleng mga rason kung bakit ikaw ay hindi sumasang-ayon sa utang ay: (1) Ikaw ay kailanman hindi tumanggap ng CalFresh; (2) Ang halagang ipinakita sa nakaraang nararapat ay hindi tama; o (3) Bigo ang county na sundin ang batas ng estado at mga regulasyon ng CalFresh noong kwentahin kung magkano ang iyong utang; o
- PAGKAKA-BANGKAROTE: Kung ikaw ay naghain ng pagkaka-bangkarote at ang awtomatikong pagkaka-bangkarote ay nanatiling epektibo, ikaw ay hindi maipapasailalim sa opset o ibang aksyon ng koleksyon habang ito ay epektibo. Mangyaring abisuhin ang ahensiya na nakalista sa abisong ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng ebidensiya kaugnay sa pagkaka-bangkarote.

Kung ikaw ay naghain ng pinagsamang ibinalik na kinitang buwis o income tax return at ang iyong asawa ay hindi miyembro ng sambahayan ng CalFresh sa panahon ng sobrang pag-isyu, kinakailangan na makipag-ugnay sa Internal Revenue Service (IRS) bago maghain ng iyong ibinalik na kinitang buwis. Ipapalam sa iyo ng IRS ang mga hakbang na kukunin upang protektahan ang pagpapamahagi ng iyong ibinalik na kinitang buwis na maaaring mabayaran sa iyong asawa, na maaaring hindi isang pabayang mangungutang sa Gobyerno ng Estado Unidos.

Kung ikaw ay isang empleyado ng Pederal, ang iyong kasalukuyang netong magagamit na sweldo ay mapapasailalim sa opset kung hindi babayaran ang iyong utang o kumuha ng ibang aksyon na nakasaad sa abisong ito. Sa ilalim ng TOP, babawasan ka ng Ingat Yaman ng hanggang 15% ng iyong netong magagamit na sweldo simula sa kabayaranang panahon na ang iyong utang ay isinumite sa Sweldo ng Pederal o Federal Salary o pag-opset sa sweldo at ipagpapatuloy sa bawat kabayaranang panahon hanggang sa ang iyong utang kasama ang mga kabayaran, multa, o ibang mga singil ay nabayaran nang buo. Kapag ikaw ay naitukoy sa pamamagitan ng TOP na tumatanggap ng sahod o sweldo sa Pederal, ikaw ay mabibigyan ng pagdinig upang makipagkatwiran sa umiiral o halaga ng iyong utang, o halaga ng deduksyon sa payroll. Ikaw ay mabibigyan ng impormasyon kung saan maghahain ng kasulatang hiling sa pagdinig kapag ikaw ay naitukoy sa pamamagitan ng TOP bilang tumatanggap ng sweldo o sahod ng Pederal. Ang napapanahong paghain ng petisyon sa pagdinig ay mananiting magsisimula ng pag-opset sa paglilitis para sa pag-opset ng sahod o sweldong Pederal; ngunit hindi ito magtitigil sa pag-opset ng ibang uri ng kabayaranang Pederal. Ang huling desisyon ay ma-iisya nang hindi lalampas sa 60 na araw pagkatapos maghain ng petisyon na humihiling ng pagdinig. Bilang isang Pederal na empleyado, kung ikaw ay gumawa o magbigay ng sadyang huwad o pawang kasinungalingang mga pahayag, represenasyon, o ebidensiya, na dagdag sa ibang mga multa, ikaw ay mapapasailalim sa disciplinaryong aksyon. Kapag ang iyong utang ay isinumite sa TOP, ang Ingat Yaman ay magbabawas o magkakaltas ng anumang karapat-dapat na kabayaranang Pederal sa halaga ng iyong utang at maaaring isangguni ang iyong utang sa mga pribadong nagongolektang mga kontraktor ng Departamento ng Hustisya o Department of Justice. Magtatanggal ng 15% ang Ingat Yaman ng iyong mga kabayaranang Pederal o mga benepisyo tulad ng Social Security Retirement, mga benepisyo ng Nakaligtas at may Kapansanan o Survivors and Disability benefits, mga benepisyo sa Railroad Retirement (maliban sa Tier 2), at mga benepisyo sa Black Lung Part B, na bayaran ang mga inutang. Ikaw ay makakapanatili ng nararapat na hind bababa sa \$750 bawat buwan o \$9,000 kada taon sa iyong mga kabayaranang Pederal. Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyong kapansana ng Supplemental Security Income (SSI) mula sa Social Security Administration, ang mga benepisyong iyon ay hindi mababawasan sa pagbayad ng iyong inutang.

Kung ikaw ay gumawa o nagbigay ng sadyang huwad at pawang kasinungalingan na mga pahayag, mga representasyon, o ebidensiya, ikaw ay maaaring maging responsable sa mga kaparusahan sa ilalim ng False Claims Act (31 U.S.C. §§ 3729-3731), o ibang nalalapat na mga palatuntunan, at/o mga parusa sa ilalim ng 18 U.S.C. §§ 286, 287, 1001, and 1002, o ibang nalalapat na palatuntunan.

Bago maisumite ang iyong utang sa TOP, ikaw ay maaaring (1) usisain at kopyahin ang mga rekords ng county kaugnay sa iyong inutang, (2) humiling nga pagsusuri ng determinasyon ng county na ikaw ay may pinagkakautangan, at (3) pumasok sa isang kasunduan ng pagtanggap ng kasulatang muling pagbayad o acceptable written repayment agreement.